KAPASIYAHAN BAYAN BILANG 94-198

KAPASIYAHAN NA PINAGTITIBAY ANG PAGLIKHA (CREATION) NG POSISYONG ELEMENTARY SCHOOL PRINCIPAL IV AT ANG KAUKULANG ANTAS NG SAHOD PARA DITO AT ANG PAGTATALAGA PA RIN KAY GNG. HERMINIA ARANCILLO, PRINCIPAL NG CENTRAL ELEMENTARY SCHOOL, POBLACION, MUNTINLUPA PARA SA POSISYONG ITO.

*************************************************************

Ipinanukala ni: Kon. Rufino B. Joaquin

*************************************************************

SAPAGKAT, ang Sangguniang Bayan ay may kapangyarihang lumikha ng mga posisyon at bigyang determinasyon ang halaga ng sasahurin at iba pang benepisyon ng mga kawani na pangunahin o buong pinasasahod mula sa kabang-bayan ng pamahalaang bayan;

SAPAGKAT, alinsunod din sa panuntunan ng Department of Budget and Management, ang pagbibigay ng klasipikasyon ng posisyon para sa punongguro ay salig sa bilang ng gurong nasa ilalim ng pamamahala nito;

SAPAGKAT, si Gng. Herminia Arancillo na sa kasalukuyan ay gumaganap bilang Elementary School Principal III ng Central Elementary School Poblacion, Muntinlupa ay namamahala ng 103 guro at 4,283 mga nag-aaral;

SAPAGKAT, sa dahilang malaki na ang hawak ng responsibilidad ni Gng. Arancillo inirekomenda ng School Division Superintendent na si G. Filemon Salas na siya ay italaga bilang Elementary School Principal IV;

SAPAGKAT, walang bakanteng puwesto para sa Elementary School Principal IV;

NGAYON, DAHIL DITO, PINAGPASIYAHAN ng Sangguniang Bayan ng Muntinlupa ang paglikha (creation) ng posisyong Elementary School Principal IV at ang kaukulang antas ng sahod para dito at ang pagtatalaga pa rin kay Gng. Herminia Arancillo, Pricipal ng Central Elementary School, Poblacion, Muntinlupa para sa posisyong ito.

PINAGTIBAY ng Lahat ng Kagawad ng Sangguniang Bayan ng Muntinlupa sa kanilang ika-111th regular na pulong na ginanap ngayong ika-05 ng Disyembre, 1994.

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA
TEL. NO. 842-04-22 LOCAL 51

SANGGUNIANG BAYAN



*PINATUTUNAYAN:*

**MGGL. JAIME R. FRESNEDI**
**Pang. Punongbayan/ Pangulong Opisyal**

**KGG. ROGER C. SMITH**
**Konsehal**

**KGG. RUFINO B. JOAQUIN**
**Konsehal**

**KGG. ROMAN E. NIEFES**
**Konsehal**

**KGG. DANTE S. ALMARIO**
**Konsehal**

**(Liban)**
**KGG. ARTURO S. BUNYI**
**Konsehal**

**KGG. LUCIO B. CONSTANTINO**
**Konsehal**

**(Liban)**
**KGG. MELCHOR R. TEVES**
**Konsehal**

**KGG. REY E. BULAY**
**Konsehal**

**KGG. NOLASCO L. DIAZ**
**Konsehal**

**KGG. ALEJANDRO L. MARTINEZ**
**Konsehal**

**KGG. ERNESTO A. CARUBIO**
**Konsehal**

**KGG. REYNALDO A. ABAS, JR**
**Konsehal**

***KGG. VICENTE Y. CHUA***
***Kinatawan ng Sektor***
***Pangulo, Samahan ng mga Punongbarangay***

***KGG. MIGUEL LUIS F.RIOSJR***
***Kinatawan ng Sektor***
***Tagapangulo, Pederasyon ng Sangguniang Kabataan***

*PINATOTOHANAN :*

***PETER B. SALONGA***
***Pambayang Kalihim***

*PINAGTIBAY:*

***MGGL. IGNACIO R. BUNYE***
***Punongbayan***